



Elektronikong Pakikibaka para sa tapat na mga politiko: Brasil

Digital Resistance for Clean Politicians: Brazil

Shaazka Beyerle

Excerpt from 'Curtailling Corruption'
Lynne Rienner Publishers, June 2014
Translator: Xavier Alpasa, 2017



TRANSLATOR'S NOTES

Please insert any helpful information about this translation here.

KABANATA 4

ELEKTRONIKONG PAKIKIBAKA (*DIGITAL RESISTANCE*) PARA SA TAPAT NA MGA POLITIKO: BRASIL

(*isinalin ni Xavier Roel Alvaran*)

Nagdulot ang isang kudeta noong 1964 ng dalawang dekada ng inhustisya at paglabag sa karapatang pantao ng mga mamamayan ng Brasil. Noong 1980, tinulungang simulan ng mga klero ng Simbahang Katoliko, ang mga tagasunod ng kilusan ng Teolohiya ng Pagpapalaya (*Liberation Theology*), ang panlipunang pagsalungat at pinagkaisang oposisyon laban sa namumunong rehimen.¹ Sa gitna ng pagbagsak ng ekonomiya, lalong lumawig ang panawagan ng publiko na wakasan ang diktadura hanggang sa humantong ito sa pagkakabuo ng malawakang kilusang tinawag na *Diretas Já* (*Direct Elections Now*) noong 1983 na nanawagan para sa direktang halalang pampangulo.² Habang milyon-milyong mamamayan ang lumahok sa mga mapayapang kilos-protesta, lumago ang hidwaan sa loob ng hunta.³ Bagaman pinigil ng rehimen ang panukalang baguhin ang konstitusyon upang payagan ang direktang halalan para sa pagkapangulo at pagkapangalawang pangulo, tumakbo sa pagkapangulo ang isang sibilyang nangganggalang Tancredo Neves. Pumanig sa kanya at sa oposisyon ang mga nag-aklas mula sa Lupon ng Mga Tagapaghalal (*Electoral College*) na naging dahilan upang masupil ang pamunuang militar.⁴ Ngunit pumanaw si Neves bago pa man ito opisyal na makapanungkulan. Ang kaniyang pangalawang pangulong si Jose Serney, na nag-aklas naman mula sa partidong ARENA ng mga militar, ang nanumpa bilang Pangulo.⁵ Para sa maraming mamamayan ng Brasil, nagkaroon lamang ng tunay na demokrasya nang direkta nilang hinalal si Fernando Collor de Mello bilang pangulo noong 1989. Hindi nagtagal at sinundan ng kahihyan ang kaniyang

pagkabaluklok sa puwesto. Noong 1992, napatalsik siya sa bisa ng malawakang demonstrasyon sa paratang na katiwalian. Naging pahiwatig ang kaganapang ito ng pag-usbong ng kultura ng panunuhol at korapsyon sa politika na naging dahilan upang kalauna'y maitatag mula sa laylayan ang kilusang *Ficha Limpa* (“*Clean Record*” o “*Malinis na Rekord*”), ang tuong paksa ng kabanatang ito.⁶

Konteksto

Lumipas ang dalawang dekada at naging higanteng ekonomiya ang Brasil, na itinalang ikawalong pinakamalaking ekonomiya sa mundo.⁷ Sa kabila nito, nanatiling lugmok ang bansang ito sa di-pagkakapantay-pantay at katiwalian. Ikalabimpito ito sa mundo sa sitwasyon ng di-pagkakapantay-pantay sa lipunan.⁸

Ayon sa saliksik noong 2010 ng *Federation of Industries of the State of Sao Paulo* (FIESP), nalulugi ng halagang USD 39 bilyon (BRL 69 milyong) ang bansang Brasil kada taon, at mas malaki nang 15.5% ang kita ng bawat tao (*per capita income*) kung wala ang suliraning ito.⁹ Talamak na sa lipunan ang korapsyon sa politika at lumalaganap na ang kawalan ng tiwala ng sambayanan. Naging bukambibig na nga sa bansa ang kasabihan nilang “*Rouba, mas faz*” na nangangahulugang “Hindi masamang magnakaw, basta mahusay (*He steals but he gets things done*).”¹⁰

Ayon sa *website* na *Congresso em Foco*, 29% ng mga mambabatas sa Kamara de Representante (147 mula sa 513) at 26% ng mga senador (21 mula sa 81) ang nahaharap sa mga kasong kriminal sa Korte Suprema o nasasailalim ng mga siyasat. Napasó na ang marami sa mga kasong ito bago pa man dinggin.¹¹ May mga iilang miyembro, bagaman hindi tiyak ang bilang, ang

nahatulan ng pagkakabilanggo sa mga mabababang hukuman. Ang mayorya sa mga pagkakasalang ito ay may kinalaman sa pagnanakaw sa pondo ng bayan o paglabag sa mga batas sa paggasta sa kampanya.¹² Nagkakaroon ng kaugnayan ang kahirapan at panunuhol sa proseso ng politika dahil patuloy na nahahalal sa pamamagitan ng pagbiling boto ang mga politikong nabilanggo naman sa mga kasong iyon.¹³ Ikahuli, kahit na mayroong batas na nagsusuplong sa mga nahuling nanunuhol at nagbabawal sa kanilang tumakbong muli sa susunod na tatlong taon, nakaiiwas sa parusa ang ilang sangkot sa mga eskandalo sa pamamagitan ng intensiyonal na maagang pagbibitiw sa puwesto, na nakatutulong sa kanila upang muling humarap pagdating ng sumunod na mga halalan.¹⁴

Noong 2010, 25 taon matapos mapatalsik ang mga heneral, muling pinasiklab ng kilusang *Ficha Limpa* ang lakas ng bayan – sa pagkakataong ito, upang sugpuin ang panunuhol, pang-aabuso, at kawalan ng pananagutan sa sistema ng halalan, at bawiin ang pagkalehitimo ng demokrasya sa Brasil na pinaghirapin nilang makamtan.

Ang Simula

Nabigo ang mga unang pagtatangka na maipasa ang mga panukalang reporma sa Kongreso ng Brasil. Ngunit noong Abril 2008, nagsanib-pwersa ang 44 na mga organisasyong panlipunan (CSOs) upang buoin ang koalisyong di-partisan na tinawag nilang *Movement to Combat Electoral Corruption* (MCCE) (“*Kilusang Laban sa Katiwalian sa Halalan*” sa Filipino). Kabilang dito ang *National Conference of Bishops of Brazil* (CNBB), mga lokal na organisasyong may kaugnayan sa Simbahang Katolika, pati na ang mga union, ang *Brazilian Bar Association* (OAB), iba pang mga grupong propesyunal tulad ng sa narsing, akawnting, at *biology*, at ang *Brazilian Justice and Peace Commission* (CBJP). Bagaman simple,

nakapangyayari pa rin ang kanilang layon – ang pigilin ang mga indibidwal na may kinasasangkutan krimen na tumakbo sa halalan para sa anumang posisyon at nibel ng pamahalaan.¹⁵ Minungkahi ni Marcus Faver, isang hukom na noo’y nagtangkang pigiling tumakbo ang mga kandidatong may kriminal na kaso, ang paggamit ng halos di-kilalang instrumentong nasusulat sa Konstitusyon ng 1998 (Artikulo 61, Talata 2), ang “Inisyatibang Pambayan (*Popular Initiative*)”, na pinapayagan ang mga mamamayang magsumite ng mga panukalang-batas sa Kongreso.¹⁶ May mga estriktong kondisyon upang lehitimong magamit ito: ang paglikom ng mga orihinal na lagda mula sa hindi bababa sa 1% ng mga botante mula sa hindi kukulangin sa limang estado, kung saan ang bilang ng mga lagda mula sa bawat estado ay hindi bababa sa 0.3% ng populasyon.¹⁷ Maisusumite lamang ang panukala sa Kongreso kung masusunod ang mga patakarang ito, bago ito pag-aralan ng nakatakdang mga Komite, at dapat na maipasa ito sa kapwa Kamara de Representante at Senado para tuluyang maging batas. Ikahuli, kung wala nang balakid, maaari na itong ipakita sa Pangulo, na siya namang maaaring sumang-ayon o sumalungat dito. May dalawang landas ang hangarin ng MCCE – ang linisin ang politika ng Brasil at baguhin ang kultural na asal tungo sa korapsyon at pagbili ng boto – sa pamamagitan ng pagsama sa sambayanan sa paglikha ng solusyon.¹⁸ Inilunsad ang pagkilos na may islogang, “Walang presyo ang boto, pero tayo’y apektado (*Voto nao tem preco, tem consequencias*)”.¹⁹

Sinulat ang borador ng orihinal na panukalang-batas ng isang grupo ng mga abogado sa Rio de Janeiro. Pinatotohanan ng mga kasapi ng *Brazilian Bar Association* na nauukol ito sa saligang-batas. Sinasaad sa panukala na hindi maaaring humawak ng posisyon ang sinumang kandidatong pinatawan ng kaparusahan ng higit sa isang hukom sa mga sumusunod na krimen: maling paggamit ng pondo ng bayan, pangangalakal ng bawal na droga, panggagahasa, pagpaslang ng tao, at diskriminasyon ayon sa lahi. Higit pa rito, pinabigat din ang parusa sa mga politikong

inakusahan sa mga nabanggit na pagkakasala; hindi na sila maaaring humawak ng posisyon sa pamahalaan sa loob ng walong taon. Ikahuli, ginawa ang panukala upang mapigilan ang mga politikong gamitin ang mga butas sa saligang-batas, kagaya na lamang ng maagang pagbibitiw sa puwesto upang makaiwas sa pag-uusig at muling makatakbo.²⁰ Si Marlon Reis, hukom na isa rin sa mga pinuno ng kilusan, ang nasa likod ng pangalang *Ficha Limpa* (“*Clean Slate or Clean Record*”).²¹

Sa umpisa, iilan lamang ang bilib na makalilikom ang MCCE ng maraming pirma. Ngunit sistematikong bumuo ang kilusan, sa bisa ng malawak na koneksyon nito sa mga kasapi ng mga CSO at ng Simbahang Katolika, kabilang ang kanilang pangkat ng mga boluntaryo, ng kapasidad nito at nagpakilos ito ng mamamayan sa pamamagitan ng mga pagsasanay, pakikipagpulong sa mga lokal na pamayanan, pagpapakalat ng impormasyon tungkol sa *Ficha Limpa*, pakikipagdebate, pagbibigay ng sermon at lektiyur sa mga simbahan, paaralan, at NGO, at mga pagkilos sa lansangan.²² Napatunayang kapaki-pakinabang ang suporta ng Simbahang Katolika. Ang awtoridad nito sa lipunan ay pananggalang sa institusyonal na awtoridad ng Kongreso, at malawak ang naaabot nito sa buong bansa, partikular na sa kanayunan at malalayong lugar. Malawakan din ang paggamit sa mga teknolohiyang pang-impormasyon at pangkomunikasyon (*information and communication technologies, ICT*) upang makipagtalastasan, sumabak sa mga debate, at makipagpalitan ng impormasyon.²³ Mahalaga din na nilinang ng MCCE ang mga alyansa sa loob ng Kongreso – ang mga politikong sumusuporta sa *Ficha Limpa* na sa kinalauna’y naging mga mapanuring mata at tainga para sa kampanya ng elektronikong pakikibaka (*digital resistance*).²⁴

Sa loob lamang ng halos isa’t kalahating taon, naabot at nalampasan pa ng MCCE ang kailangan nilang 1,300,000 lagda. Noong ika-29 ng Setyembre, taong 2009, isinumite sa Kongreso ang

panukalang-batas na *Ficha Limpa* kasama ang 1,604,794 na lagda.²⁵ Naging makasaysayan ang tagpong ito, at nakamtan nila ang unang tagumpay.

AVAAZ, Elektronikong Pakikibaka (*Digital Resistance*), at Bakang Sumasahimpapawid

Naunawaan ng mga pinuno ng MCCE na kung wala ang malawakang panlipunang mobilisasyon, malayo ang posibilidad na maipasa ang *Ficha Limpa*. Matindi ang pagtutol sa panukalang ito dahil kung maipapasa ito ay aalisan nito ng pagkakataong manilbihan ang isang-katlo ng buong Kongreso. Maaari ring gumawa ang mga mambabatas ng kung anong magagawa nila upang palabnawin ito at gumamit ng iba't ibang paraan upang pabagalin ang pag-usad nito hanggang tuluyang masira, tulad ng pagpapanatili ng panukala sa nibel lamang ng mga komite sa mahabang panahon. Bangit ng isang politiko: “Mas mauuna pang matututong lumipad ang baka kaysa maipasa ang inisyatibang ito sa Brasil.” (“*É mais fácil uma vaca voar do que esse projeto ser aprovado no Brasil*”).²⁶

Nauna nang nakipag-ugnayan ang MCCE sa grupong Avaaz, isang pandaigdigang kilusang elektroniko “upang ihatid sa kapangyarihang makapagpasya saanman ang politikang nakasentro sa sambayanan (*to bring people-powered politics to decision-making everywhere*).”²⁷ Sa kritikal na puntong iyon, napagpasyahan nilang magsanib-puwersa.²⁸ Ayon kay Graziela Tanaka, isang tagapagkampanya ng Avaaz sa Brazil nang panahong iyon, isang ulirang inisyatibang kontra-katiwalian ang *Ficha Limpa*. “Mayroon itong malinaw na layon, malinaw na konteksto, madaling masundan ang isyu, at ito’y isang mapangahas na usaping nais salihan ng mga tao (*It had a clear goal, clear input, it was easy to cut to the issue, and was something bold that people would want to join*).”

Mga Estratehiya. Habang humaharap sa mahirap na pakikipagtunggalian sa Kongreso, tumukoy ang Avaaz ng tatlong estratehiya para sa buong kampanya. Upang makalikom ng matibay na suportang politikal para maipasa ang panukalang-batas, hinubog nito ang *Ficha Limpa* bilang isang usaping walang makatatangkang tumutol. Napagtanto nilang magiging posible ang planong ito sa pamamagitan ng tuloy-tuloy at malawakang pangangalampag ng publiko, at positibong atensiyon ng media, na maaaring makapagbigay rin ng puwersa. Ikalawa, mahalaga rin ang pagbuo ng suporta – tunay man o praktikal – mula sa loob ng Kongreso sa proseso ng pagsasabatas upang maiwaksi ang mga pakanang sirain at pabagalin ang pagpasa ng panukala. “Sa pag-iisip ng estratehiya para sa kampanya, kailangan mong isaalang-alang din kung paano ito magiging kapaki-pakinabang din para sa mga nasa kapangyarihan (*When thinking of campaign strategy, you need to think of how there’s a two-way benefit for people in power*),” sabi ni Tanaka.

Ang halalan noong Oktubre 2010 ang naging tagpuan nito. Sa oras na magsimulang makaabot sa kritikal na masa at kumalat ang kampanya, lumawig ang suporta para sa panukalang-batas sa ganang sinamantala ng mga politiko ang bentaha ng pagiging pabor dito sa harap ng publiko bago pa man ang opisyal na botohan. Ikahuli, pinagtibay ng Avaaz ang diskurso at pagkalehitimo ng kilusan na nilinang ng MCCE: ang pakikibaka ay pinamumunuan at pagmamay-ari ng mga karaniwang mamamayan, na sa pamamagitan dati ng mga dokumentadong lagda, at ngayon ng kapwa elektroniko at panlansangang pagkilos, ay nananawagan sa kanilang mga hinalal na kinatawan na panghawakan ang demokrasya sa Brasil sa pagtaguyod ng tunay na saloobin ng sambayanan.

Pagkalap ng mga kasapi. Inihahandog ng tagapagkampanyang si Tanaka ang puri sa MCCE sa pagsasakatuparan nito ng mahirap na bahagi – ang pagbuo ng pambansang alyansang

panlipunan, pagpapakilos sa mga tao sa lansangan, pagpapatibay ng mga koneksyon sa mga tapat na politiko at ibang mga nasa kapangyarihan, at paglilinang ng media. Nang sumali ang Avaaz sa pakikibaka, naroon na sa puntong nais na ring makilahok ng mga mamamayan. Ang estratehiya nito ay pasiklabin at palawakin ang lakas ng sambayanan sa pamamagitan ng paggamit sa modelo o estilo ng pangangalap ng kasapi at pag-oorganisa ng mobilisasyon sa konteksto ng Brasil. Kabilang dito ang pagpapadala ng regular na mga alerto na may partikular na panawagan para sa pagkilos at pag-anyaya sa mga nakatanggap nito na ikalat ang mga panawagan na kanilang mga *social network* – sa *Twitter, Facebook, Orkut* (isang *social networking site*), at ang “makalumang *e-mail*” – sa puntong kumakalat ito nang kumakalat na tila ba may sarili nang buhay. Naging *viral*, ika nga. “Kapangyarihan ito ng mga mamamayang nagpapakalat at ipinagmamalaking kanila ang kampanya (*It’s the power of people spreading and owning the campaign*),” paliwanag ni Tanaka.

Sa simula ng kampanya, mayroong 130,000 kasapi ang Avaaz sa Brasil. Noong Abril 2010, lumaki ang bilang na ito sa 650,000, at umangat pa hanggang 700,000, kung saan ang marami rito’y mga tagapagpalaganap ng mensahe na nagpapasa sa mga alerto ng Avaaz sa kani-kanilang mga *social network*. Bagaman hindi pantay-pantay ang kanilang pagiging aktibo, napag-alaman ng Avaaz na habang mas tumatagal ang isang tao sa listahan ng mga nakatatanggap ng alerto, mas nagiging aktibo rin ito. Binanggit rin ni Tanaka na hindi sila nakaranas ng balakid sa pagpapanatili ng interes ng mga miyembro nito sa usapin ng *Ficha Limpa*, at sa mas malawak na usapin ng korapsyon. “Nagngingitngit na ang tao sa sistema ng politika at dahil pareho-parehong mga politiko lamang din ang may kapangyarihan (*People were disillusioned with the political system and because the same politicians always had power*).” Tinitingnan ang sitwasyong iyon bilang isang uri ng “*coronelismo*,” terminong inuukol sa mga malalaking may-ari ng lupang

nakaugnay sa paghaharing elitismo sa kanayunan at pagbili ng boto. “Ayaw na ng mga taong makakita ng mga tiwaling politiko sa halalan (*People wanted to see corrupt politicians out of elections*),” dagdag niya.

“Lumagda upang wakasan ang katiwalian (*Sign to end corruption*)”.²⁹ Gumawa ng mga hakbang ang Avaaz upang magtuloy-tuloy ang pagtulak ng puwersang bayan sa panukalang *Ficha Limpa* sa paglakad ng buong proseso ng pagsasabatas nito, hanggang sa huling pagboto sa Kamara de Representante at Senado, ratipikasyon ng Pangulo, at pagboto ng Korte Suprema ukol sa bisa at katumpakan ng batas sang-ayon sa Konstitusyon. Nagsimulang umarangkada ang kampanyang *online* noong Pebrero ng 2010, noong sinimulang talakayin ito sa mga komite ng Kongreso. Mula sa pundasyong aksyon ng MCCE ng paglilikom ng mga lagda upang ipanawagan ang pagsusumite ng panukala, inilunsad nila ang petisyong *online* na ang layon ay magtamasa ng dalawang milyong tutugon, ngunit inakala ni Tanaka noong una na “malayo (*far-off*)” itong mangyari.

Kumalat ang petisyon, na ginamit ng Avaaz para makakuha ng atensiyon ng media. Sa sobrang laki ng interes ng media sa usaping ito, nagsimulang mapunta ang *Ficha Limpa* sa ulo ng mga balita ng pinakamalalaking pahayagan linggo-linggo, ayon sa ulat ni Tanaka. Nang magkagayo’y napukaw nito ang interes ng publiko sa kilusan, sa mismong panukalang-batas, at sa proseso ng pagsasabatas nito, na lalong humila ng higit na marami pang mamamayan sa Avaaz, na kinalauna’y umani ng higit pang atensiyon ng media. Nagbunga ang koneksyon sa pagitan ng kampanya at ng media ng lalong lumalakaw at kapaki-pakinabang na siklo ng atensiyon at puwersa. Nang mag-ika-3 ng Mayo, 2010, umabot na sa bilang na dalawang milyon ang lumagda sa petisyon.³⁰

Mga maliliit na kampanya. Mula sa bandang Pebrero hanggang Abril ng 2010, halos kada linggo’y nagdaos si Tanaka ng isa hanggang dalawang mabilisang kampanya. Sinundan ng MCCE ang galaw ng *Ficha Limpa* sa mga komite sa takdang oras sa tulong na rin ng mga kaalyado sa Kongreso na binuo sa nakalipas na dalawang taon. Ipinaalam ng mga mambabatas na ito sa MCCE araw-araw, at minsan pa nga’y oras-oras, kung ano ang nagaganap, ano ang mga sinasabi, sino ang tinututulan, sino ang mga hindi makapagpasya, sino ang nagpapahayag ng suporta, at iba pa. Sa kabilang dako, agarang pinapasa ng MCCE ang impormasyong ito sa Avaaz, na mabilisang nakapag-aalerto sa mga mamamayan ng pagkilos na may kasamang istatus sa daan-daang libong mga kasapi, sa pamamagitan ng:

- Pagpapadala ng mga *e-mail* sa mga partikular na mambabatas na nagmumula direkta sa *website* ng Avaaz.
- Direktang pagtawag sa mga tanggapan ng mga pinupunteryang politiko na kabilang sa komite kung saan tinatalakay ang *Ficha Limpa*, na nagpukaw sa mga tao sa Brasil dahil na rin sa pagdagsa ng libo-libong mamamayang kumalampag ng tawag sa mga tanggapan. Pinakiusapan ang mga tao na itala ang kanilang ginawang tawag gamit ang aplikasyong *live chat*, na ginamit naman ng Avaaz upang bilangin ang mga tawag na ito.
- Paglagda sa *e-petition*; paggamit ng *Twitter* at pagpapaskil ng mga alerto sa *Facebook* at *Orkut*.

Sa pamamagitan ng mga *e-mail* at pagtawag sa telepono, naparating ng mga mamamayan ang kanilang kolektibong panawagan sa mga indibidwal na mambabatas sa gitna ng maiinit na yugto sa proseso ng lehislatura. Ang mga “napapanahong katanungan” (“*time sensitive asks*”) ay nakatuon sa mga miyembro ng komite na hindi isinasapubliko ang dahilan ng kanilang pagtutol habang nasa likod sila ng mga paninira at pagpapabagal ng proseso. “Pinakita naming may

presensya kami *online* at sa tunay na buhay (*We showed them that we had a presence online and a real presence*),” ani Tanaka.

Mga karagdagang taktika. Kaalinsabay ang kampanya ng Avaaz, lumikha ang MCCE ng isang video ukol sa pagpapalakas ng panlipunang pagkilos na siyang ginamit upang lumikha ng kamalayang politikal sa lipunan.³¹ Ang isa pang taktika ay ang bukás na pagpapaskil ng mga impormasyong *online* upang makapukaw ng pananabik sa mga mamamayan, at ng interes ng media. Kabilang dito ang mga *tweet* at ang mga pangalan sa *e-petition* na lumalabas sa *website* ng Avaaz kada sandali. Ikahuli, noong ika-4 ng Mayo, 2010, sa araw na nakatakdang bumoto sa kapalaran ng *Ficha Limpa* ang Kamara de Representante, nagdaos ng protesta ang Avaaz sa Batasang Pambansa. Puno ng simbolismo at mga imahe na pumukaw sa atensiyon ng nasyonal na media, inilabas sa protesta ang kumpletong tala ng mga pangalan ng dalawang milyong mamamayang lumagda sa *e-petition* na pabor sa panukalang-batas. Lumahok sa teatrong panlansangan ang mga taga-suporta ng kampanya, kabilang na ang ilang politiko, na kunwa’y aktong *nililinis* ang lakaran ng gusali gamit ang mga timba ng tubig at mga walis.

Mga komunikasyon at media. Ang pangunahing mensaheng nilikha ng MCCE at pinalakas ng Avaaz ay isang popular na inisyatibang panukala ang *Ficha Limpa* – pinanawagan, sinimulan, at sinulong ng mga mamamayan ng Brasil. Ang nakakuha ng atensiyon ng media sa *online* na kampanya ay ang pagkalehitimo ng kilusan, ang mga numero, at ang pagiging natatangi ng elektronikong pakikibaka. Matapos na matagumpay na maisumite ang panukala sa Kongreso, ibinahagi ni Tanaka na sa umpisa’y hindi sila nakakuha ng malaking atensiyon mula sa mga peryodista. “Noon lamang na malapit na kami sa isang milyong lagda at nagsimula ang pagtawag sa mga kongresista na naging interesante ang usaping ito sa kanila (*It was only when we got close to a million e-signatures and the mass calls to Congressmen started that we became*

interesting to them)." Namayagpag ang positibong ulat ng media sa kampanya nang maging usap-usapan sa *Twitter* ang *Ficha Limpá*. Ayon kay Tanaka, nang lumao'y binoto pa ng mga peryodista at mga kinatawan sa Kongreso ang *Ficha Limpá* bilang pinakamahalagang isyung pampolitika ng taong 2010.

Pagsablay. Pagdating ng Marso, sinimulang pigilin ng Kongreso ang mga mensaheng pinadadala ng mga mamamayan mula sa *website tool* ng Avaaz. Agarang nagpalit ng sistema ang Avaaz. Gumamit ito ng mga alternatibong *e-mail address*, nagpalit ng mga *server*, at hinimok ang mga tao na magpadala ng mensahe gamit ang kanilang mga *account*. Sa anumang pagkakataon, umepekto lamang ang pagpigil sa mga mensahe matapos makapasok na ang unang ilang libong *e-mail* sa nakatalagang *inbox*, kaya maraming mensahe pa rin ang nakarating. Sumablay ang aksyong ito ng Kongreso. Nakita ito bilang pananabotahe sa mga mamamayan. Sa halip na mahadlangan sila, lalo lamang silang pinasigla nito upang maging tapat sa kampanya at kumilos. Isa pa, isinapubliko ng MCCE ang pagsulong ng mga kaganapan sa media, kaya higit itong nakakuha ng saklaw ng pagbabalita ng mga ito.

Mga Katangian ng Kampanya

Organisasyon at koordinasyon. Lumalampas sa karaniwang depinisyon ng mga bagay-bagay ang Avaaz. Bumubuo ito ng panibagong uri ng pakikilahok ng mamamayan, panlipunang pagtanggap, at lakas ng bayan na lampas rin sa mga hangganan ng bansa at magkahiwalay na pagtingin sa *virtual* at pisikal na espasyo. Hindi ito pangkaraniwang internasyonal na NGO o CSO na may permanenteng punong tanggapan, ngunit mayroon itong herarkiya sa istraktura ng pamunuan. Hindi rin ito pangkaraniwang kilusang panlipunan dahil ang pamunuan at mga tagapag-isip ng mga estratehiya ay kumikilos sa labas ng pisikal na espasyo, at ang pakikipag-ugnay sa pagitan

ng mga punong-abalang aktibista at mga mamamayan ay nagaganap sa tunay na buhay. Ang nasusulat na misyon nito ay “inorganisa ang mga mamamayan ng lahat ng bansa upang panipisin ang puwang sa pagitan ng mundong mayroon tayo sa kasalukuyan at ng mundong nais makamtan ng mga tao saanman (*organize citizens of all nations to close the gap between the world we have and the world most people everywhere want*).”³² Isang nangungunang layon naman ng Avaaz na palakasin “ang milyon-milyong tao mula sa iba’t ibang uri ng lipunan upang kumilos sa harap ng mga napapanahong isyung pandaigdigang, rehiyonal, at pambansa, mula sa katiwalian at kahirapan hanggang sa hidwaan at pagbabago ng klima (*millions of people from all walks of life to take action on pressing global, regional and national issues, from corruption and poverty to conflict and climate change*).”³³

Binubuo ito ng maliit na punong-abala na kumikilos sa loob ng virtual na espasyo, mula sa iba’t ibang bahagi ng mundo, na minsanang nakikipagpulong nang personal sa mga tagaplano ng estratehiya. Ang buong organisasyon ay kasalukuyang pinopondohan din ng mga kasapi nito.

Nakipag-ugnayan si Tanaka, ang nag-iisang nakatalagang tagapagsulong ng kampanya sa Brasil, mula sa ibayong dako sa pamunuan ng grupo. Para sa kampanyang *Ficha Limpa*, regular siyang nakipagtulungan sa isa sa mga pinuno ng kilusan na Judge Marlon Reis. Noong panahong iyon, natatangi ang pakikipagtulungang iyon para sa Avaaz, at naniwala siyang mabisa ito, dahil na rin sa magandang proseso ng pakikipag-ugnayang nasimulang kasama ang MCCE.

Pagpapalano ng mga taktika at pagsasaayos ng pagkakasunod-sunod ng mga ito. Tinulungan ng elektronikong pakikibaka ang kilusan upang makita sa bawat sandali kung paano tumutugon ang mga tao sa mga panawagan ng pagkilos sa pamamagitan ng kanilang bilang ng klik (*click rate*), at kung paano nila napapalaganap ang mga apila sa iba. Natutulungan ang kampanya na:

masukat ang interes ng publiko; agarang masuri at mahasa ang mga estratehiya, mga taktika, at paggawa ng mensahe; at lumikha ng mga bagong pagkilos at pag-abot sa media, tulad nang gumawa ang Avaaz ng dedikatong *Twitter button* at pagpokus sa platapormang ito nang makita nilang kumakalat ang petisyon sa pamamagitan nito. Hindi pa ito nagawa kailanman. Iniugnay naman ng Avaaz ang puwersa ng sambayanan sa abot na media na ipinakilos naman ng MCCE. “Napukaw ang mga miyembro ng Kongreso ng media at ng ating puwersa (*So the Members of Congress got hit by the media and our pressure*),” paliwanang ni Tanaka.

Pagbuwag sa mga balakid. Pinalakas ng pagpapadala ng mga alerto ng Avaaz ang mga mamamayan upang makilahok sa proseso ng pagsasabatas hanggang sa pinakamababang nibel ng Komite at makipag-usap sa mga mambabatas sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kontak at mga lihim na pabalita ukol sa ano ang dapat sabihin at paano makikipag-ugnayan sa mga tauhan ng Kongreso. Unti-unti nitong nabuwag ang mga matagal nang hangganan sa pagitan ng mga naghaharing uri at karaniwang tao. “Sa isang paraan (*In a way*),” ani Tanaka, “pinalalakas ng kampanya ang proseso ng demokrasya dahil hindi sanay ang mga kinatawan sa Kongreso sa pagtanggap ng mga tawag mula sa mga botante at hindi kinagawian ng mga botante ang pagsunod sa proseso ng lehislatura, at ang pananawagan sa mga kinatawan (*the campaign was strengthening the democratic process because Members of Congress weren’t used to getting calls from voters and voters were not used to following the legislative process, and calling and making demands of Members*).”

Kaisahan. Estrategikong nilinang ng kapwa MCCE at Avaaz ang kaisahan ng mamamayan at mga layon sa kanilang pagsasagawa ng mensahe at mga taktika. Likas sa panukalang-batas na popular na inisyatibang ito ang pagiging lokal at nakaangkla sa pagbabahagi ng mga mamamayan sa mga layon ng *Ficha Limpa* at paggamit sa suportang ito tungo sa mga tunay na

pagkilos, unang-una na ang pagkalapat ng mga lagda ng mga botante. Kinuwento ni Tanaka kung paanong ang pag-alerto ng Avaaz ay laging may mensaheng ukol sa pagpapatibay ng kilusan na “nagpatunay na ang sambayanan ay bahagi ng mas malaking bagay, na nakaangkla ang kampanya sa layo ng kakayahan ng mga taong maipakalat ang mga mensahe, at nakadepende sa atin kung paanong mapananatili ang puwersa at maipakita sa mga mambabatas na minamanmanan natin sila (*reinforced that people were a part of something bigger, that the campaign’s strength depended on how far people spread the messages, and that it depended on us to keep the pressure and show Congressmen we were watching them*),” dagdag niya. Nagdulot din ng pagkakaisa ang *live chat tool*. Sa pamamagitan nito, paliwanag ni Tanaka, maaaring magbahagi ang mga tao ng mensahe ng pagpapalakas ng loob at kapanabikan para sa kampanya, at ipinakitang ito ay tunay na kolektibong lakas ng bayan.

Mga Naging Bunga

Naipasa ang panukalang-batas na *Ficha Limpá*. Pinagtibay ang batas ng mayorya sa Kamara de Representante noong ika-4 ng Mayo at sinang-ayunan ng lahat sa Senado noong ika-19 ng Mayo. Inaprubahan naman ito ng dating Pangulong Luis Ignacio da Silva noong ika-4 ng Hunyo, 2010. Bulalas ni Daniel Seidel, isa sa mga pinuno ng MCCE at Punong Ehekutibo ng *Brazilian Commission for Justice and Peace*, “...sinasabi ko, lumipad na ang baka! (...*I say, the cow flew!*)”³⁴

Matapos ang tagumpay na iyon ng taumbayan, naglunsad naman ang mga tiwali ng mga pagkilos upang palabnawin ang batas, na nagbunga ng kalituhan sa aplikasyon ng mga kandidato para sa halalan noong 2010 at pagsampa ng mga kasong ligal patungong Korte Suprema ng mga kandidatong napanalunan ang kanilang posisyon ngunit nahatulang hindi lehitimo ng mga

mabababang hukumang panghalalan. Inilunsad ng Avaaz ang elektronikong pakikibaka, na pinalakas ng mga mamamayan, sa panahon ng pagboto sa *Ficha Limpa* sa Korte Suprema.

Noong ika-23 ng Marso, 2011, naglabas ng desisyon ang Korte Suprema na nagsasabing hindi pa epektibo ang *Ficha Limpa* sa halalan noong 2010. Samakatuwid, ang mga nanalong kandidato na noong una’y hindi pinayagang manuluklukan ay maaari nang umupo sa kanilang puwesto.³⁵

Noong ika-16 ng Pebrero, 2012, inutos ng Korte Suprema na naaayon sa saligang-batas ang *Ficha Limpa* at ito’y magiging epektibo na sa munisipal na halalan sa Oktubre ng taong iyon.³⁶

Pagbabawal sa pagtakbo ng mga kandidato. Noong Setyembre ng 2012, ipinagbawal ng mga rehiyonal na hukumang panghalalan ang kandidatura ng 317 tumatakbo para sa pagka-alkalde sa munisipal na halalan.³⁷

Epekto ng *Ficha Limpa*. Naiulat na bumaba sa puwesto ang ilang politiko dahil sa puwersang publiko bago pa man pinagtibay ang panukalang-batas. Bumitiw sa puwesto si Joselito Canto, na sumasailalim sa pagsisiyasat dahil sa pagiging sangkot sa hindi bababang 30 kaso tulad ng pangunguwalta mula sa pondo ng bayan. Sabi niya sa isang *tweet*: “Ngayon ay inaanunso ko ang katapusan ng aking karera sa politika. *Ficha Limpa*, mga halo-halong usapin sa ALEP (Lehislaturang Pambayan ng Paraná). Tama na! Itinigil ko na. [Today I announce the end of my political career. *Ficha Limpa*, mix-ups in the ALEP (Legislative Assembly of Paraná). Enough! I stopped].”³⁸ Dagdag pa rito, itinaguyod din ng isang lokal na kampanya sa estado ng Rio de Janeiro ang nagkakaisang pagpasa sa batas ng *Ficha Limpa* sa lehislaturang pambayan nito (*State Legislative Assembly*).³⁹

Mga bagong laban kontra-katiwalian. Unti-unting nagtatagumpay ang MCCE. Naglunsad ito ng kampanya ukol sa repormang panghalalan, at ninanais nitong magsimula ng mga bagong lokal na

pagkilos na nakatutok sa katiwalian sa sistemang pangkalusugan at sa kapulisan, na maglulutas sa mga uri ng korapsyong hindi lamang laganap kundi nakapipinsala rin sa mga mamamayan sa kanilang araw-araw ng buhay. Pinag-iisipan din nito kung paano makapag-uudyok ng mas malawak na debateng panlipunan ukol sa usapin ng reporma sa sistemang politikal ng bansa.⁴⁰

Pinalakas na sambayanan, demokrasyang mula sa laylayan paitaas. Binago ng kilusang *Ficha Limpa* kung paano tinitingnan ng mga mamamayan ng Brasil ang kanilang mga sarili, ang kanilang demokrasya, at kanilang kakayang maiparinig ang kanilang kolektibong tinig. “Ang nangyayari ngayon ay bahagi ng proseso ng pagpapalalim ng demokrasya (*What’s happening now is part of this new democratic process*),” ani Tanaka. “Nananabik ang mga tao na maaari nilang gampanan ang kanilang tungkulin sa lipunan, na maaari silang makilahok sa kanilang sistema ng demokrasya (*People are excited that they can exercise their civic duty, that they can be engaged with their democracy*).” Ang pagbabagong-uri ng kamalayang pampublikong ito – mula sa pagkasiniko at kawalan ng interes patungo sa pagsiklab ng damdamin at lakas ng bayan – ay nasasalamín sa maraming paraan:

1. *Pakikilahok sa politika*: Naramdaman ng kapwa Avaaz at MCCE ang panibagong nibel ng pakikilahok sa politika sa lipunan. Ayon kay Tanaka: “Higit na binibigyan ng mga tao ng pansin ang kanilang sistema ng demokrasya. Kilala na nila kung sino ang kanilang kinatawan sa Kongreso, sino ang mga kumakandidato, and nais nilang masigurado na maaalala nila sa panahon ng halalan ang sinumang nasasangkot sa mga krimen (*People are paying more attention to their democratic system. They know who is their Congressman, who are the candidates, and they want to make sure that those who commit crimes are remembered at election time*).” Sa isang *survey* na isinagawa isang linggo matapos ang halalan sa pagkapangulo noong Oktubre 2010, 73% mula sa 1,300 na

nakapanayam ang tumukoy sa *Ficha Limpa* bilang isa sa mga usaping kanilang isinaalang-alang sa pagpili ng kandidato.⁴¹ Hindi nagwagi sa halalan ang 70% ng mga kandidatong inakusahan ng paglabag sa *Ficha Limpa*.⁴² Kaalinsabay nito, nakatutok na rin sa demokrasyang panghalalan ang mga *website* at *blog*, kabilang na ang sariling *website* ng MCCE at ang *Movimento Voto Consciente*, na nakatutok sa Lehislaturang Pambayan ng São Paulo.⁴³

2. *Elektronikong pakikilahok (Digital engagement)*: Sa pagitan ng 2009 at 2011, lumaki ang paggamit ng *Facebook* sa Brasil nang 3832%.⁴⁴ Sa unang kapat ng 2011, pumangatlo ang bansa sa buong mundo sa lawak ng naaabot ng *Twitter* sa bilang na 23.7% ng populasyon.⁴⁵ Noong ika-1 ng Nobyembre, 2011, sa sampung milyong bahagi ng Avaaz sa buong mundo, ang bansang Brasil ay ang may pinakamaraming bilang ng kasapi sa 1.2 milyong miyembro nito. Ang sumunod na pinakamalaki ay ang sa Pransiya, na may halos 1.1 milyong kasapi, at ang Estados Unidos naman ay may bababa sa 789,000 miyembro.⁴⁶ Nang magsimula ang kilusang *Ficha Limpa*, lumaganap ang elektronikong aktibismo (*digital activism*) hanggang sa malalayong lugar, na tumulong sa mga taong maging bahagi ng aktibismong politikal at panlipunan, kahit na wala silang pisikal na presensiya sa mga grupo. Ayon kay Tanaka, mas marami pang protesta ang inorganisa sa pamamagitan ng *social media*, kabilang na ang *Facebook*, sa taong 2011.
3. *Mga inisyatiba ng mamamayan*: Binago ng kilusang *Ficha Limpa* ang kultura ng pagsulong ng adbokasiya sa Brasil mula sa tradisyonal na pagsalig sa mga espesyalista ng lipunang sibil patungo sa malawakang puwersa ng mamamayan. Dagdag pa sa organisadong pagkilos ng lipunan upang sugpuin ang katiwalian, nagsasagawa rin ang mga karaniwang tao ng kani-kanilang mga inisyatiba. “Ninanaais na ng mga tao ang mga

bagay na maaari nilang gawin(*People now want things to do*),” ani Tanaka. Ginamit nila ang kanilang *Facebook* at *Twitter* para sa mga adhikaing politikal – upang ipaalam ang kanilang mga reaksiyon sa mga kaganapan at pag-usad ng mga bagay sa politika, upang malaman ang tungkol sa mga kampanya at pagkilos, at upang iugnay ang kanilang pinag-isang mga isyu. Halimbawa nito ay ang *Mapa Colaborativo da Corrupcao do Brasil*, na isang *online, interactive*, at bukás sa lahat na mapang ukol sa korapsyong nilikha ng peryodista at tagagawa ng pelikula. Dinisenyo ang mapang ito upang bunuin ng mga mamamayan, na maaaring magpaskil rito ng mga kaso ng katiwalian na napag-alaman ng mga nagbabalita sa kanilang mga lokal na komunidad o sa pambansang nibel. Nakipag-ugnayan rin siya sa mga kasapi ng kampanyang *Ficha Limpa* sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga impormasyon at koneksyon sa *Facebook wall* nito, na siya namang nakapagbingwit ng mga komento.⁴⁷

4. *Puwera ng sambayanan*: Sa halip na umatras sa laban, lalong nagpatuloy ang panlipunang pagtanggap nakatuon kapwa sa lokal na korapsyon at mga galawang politika upang mapatumba ang *Ficha Limpa*. Pinagkaisa ang mga mamamayan mula sa iba’t ibang antas ng lipunan at mga organisasyong panlipunan ng mga mobilisasyon, at naipapakita ng huli ang kaugnayan sa pagitan ng korapsyon, kahirapan, karahasan, at demokrasya. Sa pagtatapos ng Mayo ng taong 2010 sa Natal, nag-organisa ang mga mag-aaral ng dalawang kilos-protesta sa pamamagitan ng *Twitter* upang ilantad ang hinihinalang katiwalian at kapabayaan ng alkalde. Nauwi ang kanilang mga pagkilos sa paghihimpil at pagtatayo ng kampong pangprotesta sa loob ng konseho ng lungsod noong ika-7 ng Hunyo. Ayon sa isang balita, naglahad ang grupo ng serye ng mga panawagan at matapos ang pakikipagnegosasyon, lumagda ng kasunduan ang 21 miyembro ng konseho

at natigil na ang paghimpil ng mga nagpoprotesta. Noon ding buwang iyon, inilunsad sa 13 lungsod sa Paraná ang mga protesta laban sa katiwalian, kabilang na ang paglustay sa kaban ng bayan sa Batasang Pambayan. Sinabi ng isang kalahok: “Ang tunay na epektibo ay ang pakikilahok ng lipunan. Kung hindi mananawagan [ang lipunan], patuloy na gagawin lamang ng mga politiko ang nais nila (*What really works is the involvement of society. If [society] doesn't make a demand, politicians will keep on doing what they want*).”⁴⁸ Ikahuli, pinuwersa ng elektronikong kampanya sa estado ng Rio ang batasang pambayan na ipasa ang kanilang sariling bersiyon ng panukalang-batas na *Ficha Limpa*.⁴⁹ Sumang-ayon ang lahat sa naganap na botohan noong Nobyembre 2011.

Nang hamunin ang *Ficha Limpa* ng mga apilang isinumite sa Korte Suprema, kasabay ng mga eskandalong yumanig sa Gabinete ni Pangulong Dilma Rousseff, lumahok ang libo-libong mamamayan sa mga di-marahas na pagkilos sa panahon ng taglagas ng taong 2011, na inorganisa gamit ang *social media* sa halip ng mga partido o unyong politikal. Noong ika-7 ng Setyembre, sa Araw ng Kasarinlan ng Brasil, idinaos ang mga protesta sa kabiserang Brasilia at 20 pang mga lungsod. Sinuportahan ito ng *College of Lawyers*, *Brazilian Press Association*, at *National Bishops Conference*, na naglabas ng kanilang pinag-isang posisyon: “Ang korapsyon sa bansa ay isang kanser sa lipunan na binabantaan ang kredibilidad ng mga institusyon at ang buong systemang demokratiko (*Corruption in our country is a pandemic which threatens the credibility of institutions and the entire democratic system*).”⁵⁰

Makalipas ang ilang araw, noong ika-19 ng Setyembre, sinorpresa ng *Rio for Peace*, isang lokal na organisasyon sa lungsod, ang mga residente sa pamamagitan ng biswal na pagsasadula sa kilalang dalampasigan ng Copacabana – 594 na walis, na kumakatawan sa

mga miyembro ng Kongreso, ang ibinaon nila sa buhangin. “Ang pakay ng inisyatibang ito ay gawing malay ang mga tao sa pagiging laganap ng korapsyon at manawagan sa pagkakaroon ng pananagutan sa paggamit ng kaban ng bayan, sapagkat ang pangunguwalta ay dahilan ng pagkamatay ng maraming mamamayan ng Brasil (*The purpose of our initiative is to make people aware of the extent of rampant corruption and to demand greater transparency in the management of public funds, since the deviation of funds is responsible for the death of thousands of Brazilians*),” wika ni Antonio Carlos Costa, isang aktibistang panlipunan, teologo, at tagapagtatag ng grupo.⁵¹ Mula Hunyo ng 2013, palagiang nailalagay sa mga ulo ng balita ng mga internasyonal na pahayagan ang Brasil habang tinutuligsa ang mga maykapangyarihan ng mga malawakang mobilisasyong bumabatikos sa mga prayoridad sa paggasta ng pamahalaan, pagputol nito sa mga serbisyong pampubliko, at katiwalian.⁵² Habang inililimbag ang aklat na ito, lumalahok din ang Avaaz sa isa namang lokal na elektronikong kampanya upang maipasa ang panukalang matagal nang natutulog sa Kongreso mula pang 2006, upang tapusin na ang kahinahinalang kaugalian ng “palihim na pagboto (*secret voting*)”. Tinulak ng elektronikong pakikibaka ang mambabatas sa Kamara de Representante na buong-pagkakaisang bumotong pabor dito. Ang panukalang-batas ay nasa Senado na at agaran ding pagbobotohan. Ulat ng Avaaz: “sa ngayon, nagsisitunugan ang mga telepono ng mga senador dahil sa paggamit ng *online calling tool* ng mga kasapi ng Avaaz upang direktang sabihan sila na itigil na ang korapsyon – sabi nga ng mga eksperto ay sigurado na ang panalo sa loob ng ilang araw! (*right now, Senators’ telephones are ringing off the hook as Avaaz members across Brazil use our online calling tool to directly tell them to stop this corruption -- experts say a win is likely in days!*)”⁵³

Pagbabago ng kultura ng maykapangyarihan. Pinaninindigan nina Tanaka at ng mga aktibista ng MCCE na nagbabago na ang kultura ng kawalan ng kaparusahan sa mga maykapangyarihan sa Brasil. “Mayroon na tayo ngayong pambansang talakayan tungkol sa politika dahil sa batas na ito... at sinusuri na ng botante ang kalidad ng mga kandidato base sa mga bagong sukatan upang makita ang mga kahingiang nagsasabi kung tunay ba siyang kinakatawan nito o hindi (*Today we have a national discussion about our politics thanks to this law., and the voter is analyzing the quality of candidates based on new parameters to see if the candidate has the requirements to represent him or not*),” ani Luciano Santos, isang abogado kasama ng MCCE.⁵⁴ “Naisasama na ang lengguwahe ng *Ficha Limpa* sa diskurso ng politika, at sinusubok na ng mga kandidato sa kasalukuyan na ipakita sa mga botante na hindi sila korap (*The language of Ficha Limpa is being incorporated into the political discourse, and candidates are now trying to show voters that they aren't corrupt*),” pagbabahagi ni Tanaka. Pinaninindigan na rin ng mga naghaharing uri sa politika na may kani-kanilang ideolohiya na kailangan na nilang baguhin ang kanilang mga gawi. Sa hanay ng sentrismo, hinuha ni Alvaro Dias (PSDB, Paraná) na ang “likas na patutunguhan (*natural consequence*)” ng *Ficha Limpa* ay ang paglikha ng mga pagbabago. Sa hanay ng maka-Kanan, ibinahagi ni Antonio Carlos Jr., (DEM, estado ng Bahia) na magiging mas maingat sa pagpili ng kandidato ang mga partido at kakailanganin nilang muling pangaralan ang mga kasapi at magsulong ng tuntunin sa etika.⁵⁵ Gumawa na rin ng hakbang sa pagsasakatuparan ng kahingiang magkaroon ng “malinis na rekord” sa kanilang mga ranggo ang ilang partidong politikal tulad ng maka-Kaliwang PSOL. Sa kaso ng *Citizens' Alliance for the General Elections* (CAGE) 2000 ng Timog Korea, sa pangmatagalang bisa, ang dinamikang ito ay mapatutunayang mahalaga sa aktuwal na pagsasabatas - sa pamamagitan ng pagpapasigla sa pagpapalawig sa

internasyonal na nibel ng mga batayang pamantayang pampubliko sa integridad at pananagutan ng mga institusyon, ng sistema ng politika, at mga maykapangyarihan sa lipunan.

Hangaring sumaubayong-bansa. Tinitingnan ang *Ficha Limpa* ng ibang bansa at ng internasyonal na komunidad bilang modelo ng bagong pamamaraan ng kontra-katiwaliang pagsasabatas. Ayon sa mga opisyal sa Brasil, inaantabayanan ng ilang mga panlipunang tagapagpaganap sa Bolivia ang implementasyon nito, dahil nais nilang palakasin ang katulad ngunit mas mahinang bersiyon ng batas sa kanilang bansa.⁵⁶ Inilunsad rin ng Avaaz ang konsepto ng “Malinis na Rekord” sa pangkalahatang halalan sa Espanya noong 2011. Katuwang ang kilusang *Indignados*, naglunsad ito ng kampanyang *online* at *offline* na nanawagan sa pag-urong ng mga partidong politikal ng mga kandidatong nasasangkot o nahatulan ng mga mabigat na krimen o pagkakasala mula sa kanilang listahan para sa lokal at rehiyonal na halalan at sa pagpili lamang ng mga indibidwal na “may kilalang *track record* ng responsableng serbisyong pampubliko (*with a well-known track record of responsible public service*).”⁵⁷ Ipinagsabay ang “mga palabas na panteatro (*theatrical stunts*)” sa petisyong *online* na kumulang lamang sa target na 125,000 lagda (108,524 na lagda).⁵⁸ Nakapagsiklab sila ng debateng pampubliko, ngunit hindi natugunan ang kanilang mga agarang panawagan, gawa na rin siguro ng madalian at higit na maliit na sukat ng mobilisasyon kumpara sa kilusang *Ficha Limpa* na estratehiko, organisado, at planado.

Pagsusuri ng Mga Kaso

Pagtatatag ng sistema ng pananagutan. Karaniwang punterya ng katiwalian sa politika ang mga inisyatiba mula sa ibaba, mula sa CAGE 2000, ang kilusan ng kabataang *Dosta!* sa Bosnia-Herzegovina (Kabanata 10), at ang kilusang DHP (*Dejemos Hacernos Pendejos*) sa Mexico (Kabanata 10). Naghahatid ng bagong estratehiya ang *Ficha Limpa* sa pakikibaka. Sa halip na

himukin lamang ang mga partidong politikal na iurong ang kandidatura ng mga korap nilang kasapi at ipaalam ito sa mga botante sa panahon ng halalan, na kapwa nangangailangan ng mga paulit-ulit na kampanya, isang ligal na mekanismo ang nilikha upang itatag nang pormal ang awtomatikong diskuwalipikasyon nila sa proseso ng politika, nang sa gayo’y maisakatuparan ang sistema ng pananagutan sa paglabag sa tungkuling-bayan. Maaaring sabihing hindi kayang pigilin ng *Ficha Limpa* ang lahat ng tiwali sa pagtakbo sa puwesto. May iilang hindi nahuhuli at hindi naihabla ng higit sa isang hukom, at maaari rin silang kumuha ng kaalyado para humalili sa pagtakbo, tulad ni Joaquim Roriz, na tumakbo ang asawang si Weslian Roriz nang siya’y ipinagbawal na tumakbo noong 2010.⁵⁹ Gayunpaman, lubos nitong nagulantang ang kasalukuyang tiwaling sistema, at nakalikha ng mga insentibo para sa pagpapanatili ng integridad, sumuporta, or maaaring sabihing naging kapakipakinabang para sa mga tapat na politiko, at hinamon ang kawalan ng kaparusahan nang hindi kinakailangang batikusan ang bawat isang tiwali.

Mga nakapangyayaring yugto (*tipping points*). Sa oras na may sapat nang bilang ng mga mamamayan ang nananawagang “sapat na (*this is enough*)” – nakapagbibigay ang elektronikong pakikibaka ng alternatibong pamamamaraan ng pangangalap ng miyembro na mabilisang naihatid ang galit ng sambayanan patungo sa pagsugpo sa inhustisya at karahasan sa pamamagitan ng mga konkretong layon at panawagan, at maaari nitong gamitin ang kanilang kagustuhang makialam sa pamamagitan ng samu’t saring di-marahas na taktikang *online* o sa tunay na buhay. Tinukoy ng Avaaz ang “mga nakapangyayaring yugto (*tipping point moments*)” sa pakikibaka, kung saan humaharap sa napakalaking desisyon ang mga maykapangyarihan, at “isang malawak na hinaing ng publiko ang maaaring biglaang makagawa ng pagbabago (*a massive, public outcry can suddenly make all the difference*).”⁶⁰ Nakikita nito ang mga

pagkakataong iyon bilang mga biglaang bukás na oportunidad para sa kapwa pagbulwak ng krisis o paggana ng estratehiya, sa ganang “Nakaangkla sa tinitingnang epektong politikal ng bawat desisyon ng mga pinuno kung saan patungo ang mga mahalagang pagpapasya (*crucial decisions go one way or another depending on leaders' perceptions of the political consequences of each option*).”⁶¹

“Mabuting tanong (Good ask)”. Para sa Avaaz, sabay na gumagana ang mga nakapangyayaring yugto sa isang “mabuting tanong (*good ask*),” isang panawagan na inilarawan ni Tanaka bilang “sapat na mapanghangad at napagpapasigla sa mga tao upang gumawa na aksyon (*ambitious and inspiring enough for people to take action*).” Mayroon itong dalawang gampaning estratehiko na gawing kongkreto ang panawagan sa mga maykapangyarihan na nakakahikayat o nakakaugnay sa hinaing ng taumbayan. Ginising ng mga agarang pag-alerto – na ipinapadala sa mga mahahalagang oras - ang diwa ng mamamayan na lalong nagpatibay sa pagkakaisa, pag-angkin sa pakikibaka, at kapanabikang makilahok. Bilang halimbawa, ipinahayag sa isang mensaheng ipinadala bago ang pagboto sa *Ficha Limpa* ang sumusunod:

*Dear Brazilian Parliamentarians, We urge you to support the Clean Record Law Proposal (PLP 518/2009). We expect you to vote for clean elections, in which political candidates who have been convicted of serious crimes such as murder and mismanagement of public funds are ineligible for office. Our votes in October will depend on your actions in this critical moment for Brazilian politics.*⁶²

(Sa mga kasapi ng Parlyamentaryo ng Brasil, hinihimok namin kayong suportahan ang *Clean Record Law Proposal* (PLP 518/2009). Inaasahan naming boboto kayo para sa malinis na halalan, kung saan hindi karapat-dapat humawak ng posisyon ang sinumang

kandidatong nahatulan ng mabibigat na krimen tulad ng pagpaslang at paglustay sa kaban ng bayan. Nakasalalay ang aming boto sa Oktubre sa inyong mga aksyon sa kritikal na yugtong ito sa politika ng Brasil.)

Mga munting kampanya = positibong karagdagang puwersa, *track record*. Sa pamamagitan ng mga ICT, ang proseso ng panlipunang pagtanggì ay maaaring mahati sa mga munting kampanya para sa agarang pagtugon, na minsa'y nagiging pang-araw-araw. Maaaring mabilis itong makalikha ng puwersang tuloy-tuloy (*momentum*) sa mga mamamayan, makapaghandog ng positibong karagdagang puwersa para sa pagsasagawa ng pagkilos, at makabuo ng mga unti-unting makabuluhang tagumpay.

Pagiging *viral* = mabisang pagpaparami. Ipinakita ng kilusang *Ficha Limpa* – sa tunay na buhay man o *online* – kung paanong ang libo-libong indibidwal na aksyon, kahit pa mumunti, ay maaaring pagsamahin upang makalikha ng malakas na kolektibong puwersa. Sa ganitong aspekto, itinuturing na katumbas ng mga miyembrong *online* ang mga aktibista sa kilusan sa lansangan, na gumagawa ng aksyon at nakikipag-ugnayan sa mga kapwa mamamayan gamit ang maraming di-marahas na taktika na nakapaglilingang ng lakas ng bayan. Kung paanong nakakuha ng maraming miyembro at lakas ang MCCE sa pamamagitan ng koneksyon nito sa 44 na organisasyon sa koalisyon, ang lumalaki pang bilang ng miyembro ng Avaaz mula sa Brasil ay ginagamit ang kani-kanilang *social network* upang himukin ang iba. Ang kaibahan lamang ay ang lawak. “Ang bisa ng kampanyang *online* ay makakaabot ka sa bilang kung saan hindi ka personal na nakikipag-ugnayan sa mga indibidwal ngunit sa daan-daang libong tao na hindi nangangailangan ng personal na ugnayan pero handa anumang oras na kumilos pagkatanggap sa mga alerto (*The effectiveness of online campaigning is that you can reach a scale where you are*

not interacting with individuals but with hundreds of thousands of people who don't expect personal interaction but are ready to act upon receiving alerts),” paliwanag ni Tanaka.

Pinakamalawak sa kasaysayan ng Brasil ang kampanyang *online* ng Avaaz, na walang katapat sa lawak ng mobilisasyong umani ng petisyong may 2,000,000 lagda, 500,000 pagkilos *online*, at libo-libong tawag sa mga mambabatas.⁶³ Katuwang ang mga aksyon ng MCCE, isinahimpapawid ng kilusang *Ficha Limpa* ang diwa ng kawalang-hangganan ng lakas ng bayan. “Hindi makatatakas ang mga Kongresista (*Congressmen couldn't run away from it*),” ani Tanaka. “Lagi nilang naririnig ang usapin ng *Ficha Limpa* buhat sa media, mga e-mail, at tawag sa telepono mula sa mga mamamayan sa bilang na libo-libo (*They were constantly hearing about Ficha Limpa from the media, email messages and phone calls from citizens in the thousands*).” Naging ikatlong usaping nag-*trend* ito sa bansa noong 2010. Isang *survey* na ginawa ng MCCE bago ang pangkalahatang halalan noong 2010 ang nagsabing 85% ng mga sumagot ang sumusuporta sa batas – na pinapakita lamang ang makabuluhang paglipat mula sa sinisismo at kawalan ng aksyon ng publiko sa kasalukuyang tiwaling sistema patungo sa panawagan para sa malinis at nananagutang pamahalaan. Nakatanggap din ng katugunan ang Avaaz mula sa mga politiko. Naalala ni Tanaka noong nakakatagpo nila ang mga mambabatas at magbibigay ng mga komento ang mga ito tulad ng, “O, kayo nga ang grupo sa likod ng mga *e-mail* (*Oh, so you're the group behind all those emails!*)!” Kasama ang mga aksyon ng MCCE, ito’y “lumikha ng kagustuhang politikal upang maipasa ang panukalang-batas (*created the political will for the legislation to be passed*),” aniya.

Pakikipag-alyansang may kaakibat na karagdagang halaga. Estrategikong sinuri ng Avaaz ang mga kalakasan at limitasyon nito at ng MCCE. Pinunan ng isa ang kakulangan ng isa: may *track record* ang Avaaz sa agarang pagtugon at pagpapalawig ng mobilisasyon, samantalang mahusay

ang MCCE sa pagbuo ng mga alyansa mula sa tiwaling sistema, pagkalap ng impormasyon, pag-oorganisa at pagkilos sa lokal na nibel, at paglapit sa media at mga platapormang pangkomunikasyon. Hindi mabuting ulitin lamang ng Avaaz ang mga gawain ng MCCE kaya minabuti nitong hindi makialam hanggang hindi ito nakapagdaragdag ng halaga sa pakikibaka. Dumating ang oras na iyon nang maihain ang panukalang *Ficha Limpa* sa Kongreso.

Nakapagtatasa nang mabilis, at agaran pa minsang puwersa, ang elektronikong pakikibaka kapag kritikal ang pagkakataon at hindi possibleng pakilusin agad ang mga mamamayan sa lansangan.

Tagalabas kontra sa tagaloob na mga tagapagpaganap. Pinaninipis ng elektronikong pakikibaka ang hangganan sa pagitan ng mga tagaloob at tagalabas na mga tagapagpaganap. Bagaman isang sumasaibayong-bayan na *network* na may mga pandaigdigang kampanya ang Avaaz, naglulunsad rin ito ng mga pambansang kampanya sa loob ng mga bansa. Sa Brasil, isinulong ni Tanaka, ang tagapagkampanya ng Avaaz, ang inisyatibang panlipunan, at nakipagtulungan sa MCCE. Binubuo niya at pinaunlad ang estratehiya ng kampanya at pagpapalano, kabilang ang mga suhestiyon ng pandaigdigang grupo ng Avaaz.

Lampas sa dikotomiya ng espasyong elektroniko at tunay na buhay. Ipinapakita ng kampanyang *Ficha Limpa* ng Avaaz na may pagkukulang sa mga debate tungkol sa pagkakaiba ng aktibismo sa espasyong elektroniko at sa tunay na buhay at sa panlipunang pagbabago. Una, may pagkahilig silang pagsamahin ang pamamaraan (elektronikong espasyo) sa mga kasangkapan (mga ICT tulad ng *Twitter*, *Facebook*, SMS, mga *e-mail*, *blog*, at *link* sa *website*) at mga di-marahas na taktikang buhat sa mga kasangkapang ICT (halimbawa, ang pagpapakalat ng mga mensahe at mga *e-petition*). Nagdudulot ito ng kalituhan kung ano ba talagang pinagdedebatihan – sapagkat ang mga terminong *internet*, *social media*, at *social media tools* ay madalas na napagpapalit ang gamit. Ngunit ang pagtalunan ang halaga at bisa (o ang kawalan nito) ng

elektronikong espasyo ay kaiba sa pagtalunan ang halaga at bisa (o kawalan ng bisa) ng mga kasangkapang pang-*social media*, na sangay lamang ng mga kasangkapang pang-ICT sa pangkalahatan.⁶⁴

Ikalawa, tila ba nababalangkas ang debate sa paggamit ng mga ganap na tanong, tulad na lamang ng, “Ginagawang posible ba ng *social media* ang mga protesta?” o “Muling inimbento ba ng mga bagong kasangkapan sa *social media* ang kasalukuyang porma ng aktibismong panlipunan?” o “Patungo ba ang *social media* sa demokrasya?” Ang mga uri ng pagtatanong na ito ay nakaangkla sa maling pag-aakala – na mayroon lamang iisa at direktang ugnayan sa pagitan ng mundo ng pakikibaka (sa elektronikong espasyo) at mga kasangkapan nito (mga ICT tulad ng *social media*) sa isang banda, at mga maaaring kahantungan (demokrasya, kalayaan, pananagutan, hustisya) sa kabilang banda. Sa larang ng panlipunang pagtanggap, ang nangungunang kongklusyon ng mga iskolar at aktibista ay walang iisang pormula o naaalinsunod na kombinasyon ng mga layon, estratehiya, taktika, at bunga. Nagaganap ang panlipunang pagtanggap, ayon sa sosyolohistang si Lee Smithey, sa umiiral na kontekstong pangkultura, panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya.⁶⁵

Ang isang mas makabuluhang linya ng pagtatanong ay nakatuon sa pagsusuri ng mga relasyong pangkapangyarihan, estratehiya, piniling taktika, at dinamika ng lakas ng bayan sa elektronikong espasyo. Maaaring baguhin bilang halimbawa ang mga tanong na ibinahagi kanina tungo sa mga sumusunod. Paano napalalawak ng elektronikong espasyo ang tagpuan ng pakikibaka? Paano nalilinan ng mga elektronikong taktika (buhat sa ICT/kasangkapang pang-*social media*) ang lakas ng bayan? Sa paanong mga paraan nagbabago ng ICT/kasangkapang pang-*social media*) ang aktibismong panlipunan at panlipunang pagtanggap? Paano naililipat ng elektronikong

pakikibaka ang relasyon at tugmaan ng kapangyarihan na maaaring makapagdulot ng politikal, ekonomiko, at panlipunang pagbabago?

Ikatlo, ang mga hangganan sa pagitan ng *online* at tunay na buhay ay numinipis. Kagaya ng pinakita ng kilusang *Ficha Limpa*, nagbabahaginan ng mga hinaing, layon, at panawagan ang kapwa elektronikong pakikibaka at pakikibaka sa lansangan habang lumilikha ng mabuting ugnayan. Isa pa, hindi na lamang basta malilimitahan sa kategorya ng elektroniko o pang-tunay na buhay lamang ang mga taktika at maaaring maging kombinasyon ang mga ito ng dalawang uri. Halimbawa ng pagsasamang ito ay noong ang libo-libong mamamayan ay nakatanggap ng alerto sa pamamagitan ng mga ICT na hinihimok silang tawagan ang tanggapan ng isang mambabatas upang iparating ang panawagan ukol sa *Ficha Limpa* (bagay na nakapanghahamon at hindi pamilyar para sa karaniwang mamamayan ng Brasil). Nalampasan nila ang kanilang kinaugaliang hindi pag-imik sa mga isyu at tumugon sa pamamagitan ng pagbuhos ng mga tawag. Pulos gawa lamang ito ng *social media* o mobilisasyon din sa tunay na buhay? At nang simulan din ng mga tao na gamitin ang mga kasangkapang pang-ICT upang ipaalam sa ibang kasapi ng Avaaz at ng kani-kanilang *network* tungkol sa kanilang pagkilos, nakapagpakilos pa sila ng mas maraming tao upang gayahin ang kanilang mga pagtugon. Gaano ito kaiba sa salik ng hangarin at mga nais na kahantungan sa pagbibigay sa kilusan sa lansangan ng listahan ng mga personal na kakilala na maaaring lapitan at bigyan ng impormasyon ukol sa mga gawain nito upang himukin silang sumali sa pakikibaka?

Mga Aral na Natutunan

Elektronikong pakikibaka (*Digital resistance*).

1. Isang uri ng panlipunang pagtanggap ang elektronikong pakikibaka, at maaari nitong hubugin ang lakas ng bayan. Ang desisyong makibaka sa paraang ito o sa pagdala nito sa lansangan o kombinasyon ng dalawa ay nakadepende sa mga layon, estratehiya, at kapasidad ng kampanya o kilusang panlipunan, at sa mga realidad sa tagpuan ng pakikibaka. Ibinahagi ni Tanaka na noong panahon ng botohan, kahit ang mga mambabatas na hindi sumusuporta sa panukalang-batas ay umaming hindi nila basta na lamang magagawang talikuran ang kagustuhan ng 3.6 milyong mamamayan ng Brasil na nananawagan sa pagpasa ng *Ficha Limpa*.
2. Maaaring baguhin ng elektronikong aktibismo ang mga relasyong pangkapangyarihan at isalin ito sa mga pagkilos sa tunay na buhay. Nakapagpayanig ang kampanyang Avaaz, na nakita mula sa mga libo-libong mamamayan na matapang na kinalampag at tinawagan ang mga tanggapan ng mga kinatawan sa Kongreso at mga kasapi ng Korte Suprema. Naging isa itong rebolusyonaryong pagkilos sa lipunang pinaghaharian ng mga maykapangyarihan, at kung saan dati'y madalang, limitado, at sumasa-herarkiya lamang ang pakikilahok ng mga mamamayan.
3. Komplimentaryo ang elektronikong pakikibaka sa pakikibaka sa lansangan, ngunit hindi ito maaaring permanenteng kahalili ng huli. Ang pag-oorganisa sa lokal na nibel ay nakabubuo ng malakas, at nagkakaisang lupon ng mga grupo at mga mamamayan, na sa kaso ng *Ficha Limpa* ay naging instrumental sa paglikom ng higit sa 1.6 milyong lagdang sulat-kamay. Tanging sa mga pakikipag-ugnayan at relasyon sa tunay na buhay lamang makapaglilingang ng mga alyansa mula sa mga korap na sistema, at makapagsasagawa ng negosasyon. Ngunit gayunpaman, makatutulong ang elektronikong pakikibaka sa mabilisang komunikasyon, agarang, o sandaliang, pagtugon, mabilis na pag-organisa ng mga mobilisasyon na hindi

nangangailangan ng oras, mabusising organisasyon, at mapagkukunang-yamang katumbas ng pag-oorganisa sa lansangan, at mga oportunidad upang subukin ang mga taktika at agarang isaayos o baguhin ang mga pagkilos kung kinakailangan nang hindi gumagamit na maraming pinagkukunang-yaman.

Mga di-pisikal na salik.

4. Maaaring makapagpakita ng tunay na diwa ng pagmamay-ari at kolektibong pagkakakilanlan ang ICT/social media. Ang mundo ng mga *blog* ay sinasabing “niyakap (*embraced*)” na ang usapin ng panukalang-batas. Gumawa ang ilang mga *blogger* ng kani-kanilang mga bandera *online*. Nanawagan din ang iba ng pagkilos. Sinulat pa ng isa: “Panahon na upang isulong ang ‘magandang laban.’ Panahon na upang kalimutan ang pagkakaiba-iba ng ideolohiya at magingning ang bagong tagpo sa politika ng bansa (*It’s time to fight the ‘good fight.’ Time to forget the ideological differences and to shine in a new era of national politics*).” Nag-*tweet* ang isa, “Puwersahin natin ang ating mga kinatawan sa pagkamit ng dalawang milyong lagda upang ipakita na kung hindi sila bobotong pabor sa ‘*Ficha Limpa*’ ay hindi natin sila iboboto (*Let’s put pressure on the deputies reaching two million signatures to show that if they don’t vote for ‘Ficha Limpa,’ we won’t vote for them*).”⁶⁶ Nang maipasa ang panukalang-batas, isinulat ng isang kasapi ng Avaaz sa Brasil ang: “Hindi ko kailanman ipinagmalaki ang mamamayan ng Brasil tulad ng pagmamalaki ko ngayon! Binabati ko ang lahat ng lumagda. Ngayon ko naramdamang ako’y isang mamamayang may tunay na kapangyarihan sa politika (*I have never been as proud of the Brazilian people as I am today! Congratulations to all that have signed. Today I feel like an actual citizen with political power*).”⁶⁷

5. Nakapagbibigay ang elektronikong pakikibaka ng karagdagang dimensiyon ng pagmamay-ari sa kilusan at panlipunang pagkakakilanlan – sa bisa ng tuloy-tuloy na naratibo – na maaaring maging napakalakas sa sarili nito o kung ipagsasama man sa panlipunang pagtangga sa lansangan. Ipinaliwanag ni Tanaka na partikular na mabisa ang mga inisyatibang *online* sa paglikha ng naratibong maaaring sundan nang malapitan ng mga tao sa pang-araw-araw, habang tumatakbo ang kampanya o kilusan. Sa kaso ng Avaaz, habang ang panukalang *Ficha Limpa* ay pinag-uusapan sa komite, ang mga mamamayan ay linggo-linggong “binibigyan ng mga oportunidad sa pagkilos na sa oras na maipasa ang batas ay maramdaman nilang sila’y mahalagang bahagi nito, kanila ang kilusan, at alam nilang ang kanilang mga ambag ay mahalaga sa bawat hakbang nito (*were given action opportunities that by the approval of the law, they could feel that they were a key part in it, truly own the campaign movement, and know that their actions were fundamental at every step of the way*).” Makapangyarihang paraan ang pagbubuo ng naratibo upang mahimok ang mga tao sa buong kampanya – mula sa pagtakbo nito sa mga komite, hanggang sa pagboto, hanggang sa pagpapatibay ng Pangulo sa pagpapatunay na ginawa ng Korte Suprema (*The narrative is a powerful way of involving people in the whole campaign – from committees, to the vote, to presidential approval to Supreme Court validation*),” aniya.
6. Maging elektronikong pakikibakang naging *viral* man ito, o malawakang pakikibaka sa lansangan, pinatitibay ng lawak ng pakikilahok ng mga mamamayan ang kredibilidad ng kilusan at ang pagkalehitimo ng mga hinihingi nito. “Upang pag-usapan ang bagay na ganoon kalaki [korapsyon] (*To tackle something big [corruption]*),” ani Tanaka, “kinailangan naming gawing mas malaki ito [*Ficha Limpa*] kaysa sa aming mga sarili. Ito ang

kasiguraduhan (*we needed to make it [Ficha Limpá] bigger than us. It needs to be publicly owned. This is the protection.*)”

Paglinang sa lakas ng bayan.

7. Magkatulad na dinamika ng lakas ng sambayanan ang mayroon sa matagumpay na elektronikong pakikibaka at sa pakikibaka sa lansangan: ang pagyanig sa di-makatarungan at di-nanagutang sistema sa kasalukuyan, ang pagpapalit ng katapatan sa pagitan ng mga maykapangyarihan at sa loob ng mga institusyon, at pagwawagi sa paghila sa mga tao patungo sa kilusan o sa kampanya, anuman ang mga motibo nila.
8. Nakapagdudulot ng sukatang pagtitipid (*economies of scale*) ang elektronikong pakikibaka. Bagaman hindi lamang ito ang sukatan ng tagumpay, maaari itong makapagbigay ng estratehikong bentaha sa ilang sitwasyon at mga kritikal na punto sa pakikibaka. “Sa halip na personal na pumunta sa mga pagpupulong at magplano ng mga protesta, maaari na lamang makapagpadala ng *e-mail* sa 200,000 katao na maaari pang kumalat (*Instead of going to meetings and planning rallies, in two hours we can send an email to 200,000 which can spread*),” saad ni Tanaka.
9. Maaaring palawakin ng mga elektronikong pagkilos ang lupon ng mga di-marahas na taktika, na hindi awtomatikong nangangahulugang mas nakatataas o mas mabisa ito kaysa sa mga pagkilos sa lansangan, at *vice versa*.
10. Mapasaang espasyo man mailunsad ang panlipunang pagtanggap – *virtual* man o sa tunay na buhay - nananatiling pareho ang mga sukatan nito ng tagumpay: pinag-isang daing; kaisahan ng mga layon at mga tao; kolektibong pagmamay-ari sa kampanya o kilusan; mga kasanayan, estratehiya, at pagpapalano; pagkamalikhain sa pagbuo ng taktika, pagkakaiba-iba at

pagsunod-sunod sa mga estratehiya; mga mabisang komunikasyon at pagbibigay ng mensahe, at mahigpit na pagsunod sa mga tuntunin ng di-marahas na pagkilos.

Nakatuon ang susunod na kabanata sa isang pambansang kampanya ng lakas ng bayan, na ang layon sa pagkakataong ito ay salungatin ang mga pagkilos na naglalayong pahinain nang malubha ang *Komisyon para sa Pagsupil ng Korapsyon (Corruption Eradication Commission)* ng Indonesia, ang isa sa mga mabisang institusyong kontra-katiwalian, at protektahan ang dalawang nakatataas na opisyal nito mula sa mga balakid.

MGA SANGGUNIAN (ENDNOTES)

¹ Binigyang-kahulugan ni Daniel Zirker, isang pantas sa agham pampolitika, ang *Liberation Theology* bilang “pilosopikal at teolohikal na pagtanaw na nananawagan sa aktibong papel ng Katolisismo sa pansamantalang panahon para ipaglaban ang mga karapatan at pangangailangan ng mga dukha (*philosophical and theological worldview that calls for the active role of Catholicism in the temporal sphere on behalf of the rights and needs of the poor*).”

Daniel Zirker, “The Brazilian Church-State Crisis of 1980: Effective Nonviolent Action in a Military Dictatorship,” sa *Nonviolent Social Movements: A Geographical Perspective*, eds. Stephen Zunes, Lester Kurtz, and Sarah Beth Asher (Malden, MA: Blackwell, 1999), 260-261.

² Zirker, *Ibid.*, 259-278.

³ Adrian Karatnycky at Peter Ackerman, *How Freedom is Won: From Civic Resistance to Durable Democracy* (New York: Freedom House, 2005), 29.

⁴ Juan de Onis, “Brazil Presidency Won by Reform Candidate: Neves Chosen by Electoral College as Civilian Rule Returns after 21 Years of Military Regimes,” *Los Angeles Times*, ika-16 ng Enero, 1985, http://articles.latimes.com/1985-01-16/news/mn-8425_1_electoral-college.

⁵ “Sarney Takes Oath as Neves’ Replacement,” *Los Angeles Times*, ika-23 ng Abril, 1985, http://articles.latimes.com/1985-04-23/news/mn-11475_1_tancredo-neves.

⁶ James Brooke, “Huge Rally Demands Brazil Chief’s Impeachment,” *New York Times*, ika-20 ng Setyembre, 1992, <http://www.nytimes.com/1992/09/20/world/huge-rally-demands-brazil-chief-s-impeachment.html>.

⁷ “Factbox: Brazil’s General Elections,” Reuters.com, ika-3 ng Oktubre, 2010, <http://www.reuters.com/article/2010/10/03/us-brazil-election-fb-idUSTRE69209O20101003>.

⁸ CIA, “Country Comparison : Distribution of family income - Gini index,” *The World Factbook*, binuksan noong ika-3 ng Oktubre, 2013, <https://www.cia.gov/library/publications/the-world-factbook/geos/br.html>.

⁹ “Custo da corrupção no Brasil chega a R\$ 69 bi por ano,” FIESP, ika-13 ng Mayo, 2010, binuksan noong ika-13 ng Mayo, 2010, http://www.fiesp.com.br/agencianoticias/2010/05/13/custo_corrupcao_br_chega_69bilhoes_ano.ntc.

¹⁰ Luiza Mello Franco, “Brazil’s *Ficha Limpa* (Clean Record) Legislation: Will it Run Over Corruption or Will it Run Out of Steam?” Council on Hemispheric Affairs, ika-19 ng Hulyo, 2010, 1, <http://www.coha.org/brazil%E2%80%99s-ficha-limpa-clean-record-legislation-will-it-run-over-corruption-or-will-it-run-out-of-steam/>.

¹¹ “Brazil’s congress, Cleaning up: A campaign against corruption,” *The Economist*, ika-8 ng Hulyo, 2010, <http://www.economist.com/node/16542611>.

¹² Ibid.

¹³ CAFOD Blog; “Brazil: A Clean Slate?,” blog entry ni Janet Gunther, ika-24 ng Marso, 2010, <http://blog.cafod.org.uk/2010/03/24/brazil-a-clean-slate/>.

¹⁴ “Brazil’s congress, Cleaning up: A campaign against corruption,” Ibid.

¹⁵ CAFID Blog, Ibid.

¹⁶ “CNBB felicita Marcus Faver por idealizar a Lei Ficha Limpa,” Colegia Permanente de Presidentes de Tribunais de Justiça, ika-10 ng Agosto, 2010, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013, <http://www.colegiodepresidentes.jus.br/sobrecolegio/noticias-anteriores/428-cnbb-felicita-marcus-faver-por-idealizar-a-lei-da-ficha-limpa>.

¹⁷ “Brazil’s elections: One messy clean slate,” *The Economist*, ika-3 ng Oktubre, 2010, http://www.economist.com/blogs/americasview/2010/10/brazils_elections.

¹⁸ Luiza Mello Franco, Ibid.

¹⁹ Website ng MCCE, binuksan noong ika-20 ng Hulyo, 2010, <http://www.mcce.org.br/node/125>.

²⁰ Luiza Mello Franco. Ibid.

²¹ “The Campaign. Popular participation in Brazilian politics,” Poder Legislar, binuksan noong ika-25 ng Oktubre, 2011, <http://poderlegislar.com.br/en/ficha-limpa/a-campanha/>.

“The Role of the Catholic Church. Popular participation in Brazilian politics.” website ng Poder Legislar, <http://poderlegislar.com.br/en/ficha-limpa/o-papel-da-igreja-catolica/>.

²² “The *Ficha Limpa* in Brazil,” *Active Citizens, Accountable Governments: Civil Society Experiences from the Latin America Partnership Programme Arrangement*. UKAid, 9, <http://www.aidsalliance.org/includes/Publication/Active%20Citizens%20Accountable%20Governments%20-%20LAPPA%20Case%20Studies.pdf>.

²³ Jovita Jose Rosa, “Interview. Popular participation in Brazilian politics.” website ng Poder Legislar, ika-13 ng Oktubre, 2010, <http://poderlegislar.com.br/en/entrevista/jovita-jose-rosa-21-de-novembro/>.

²⁴ Débora Bressan Mühlbeier, “*Ficha Limpa*: Politicians in Brazil must have clean criminal records,” Infosurhoy, ika-22 ng Hunyo, 2010, binuksan noong ika-22 ng Hunyo, 2010, http://www.infosurhoy.com/cocoon/saii/xhtml/en_GB/features/saii/features/main/2010/06/22/feature-03.

²⁵ “Clean Record. Popular participation in Brazilian politics,” Ibid.

²⁶ “*Ficha Limpa*,” Poder Legislar, binuksan noong ika-25 ng Oktubre, 2011, <http://poderlegislar.com.br/ficha-limpa/>.

²⁷ “About Us,” Avaaz, binuksan noong ika-3 ng Oktubre, 2013, <http://www.avaaz.org/en/about.php>.

²⁸ Ang bahaging ito ay base sa mga panayam sa SKYPE at iba pang mga karagdagang komunikasyon kay Graziela Tanaka, dating tagapagkampanya ng Avaaz sa Brasil, Setyembre - Oktubre 2010 and Oktubre, 2011.

²⁹ Pang-ulong mensahe para sa alerto ng Avaaz upang lagdaan ang *e-petition*: Assine Para Acabar com a Corrupção /Sign to End Corruption e-petition, [avaaz.org](http://www.avaaz.org), n.d., binuksan noong ika-20 ng Mayo, 2010, http://www.avaaz.org/po/brasil_ficha_limpa.

³⁰ Sign to End Corruption e-petition, Ibid.

³¹ The *Ficha Limpa* in Brazil. Ibid.

³² “About us,” Ibid.

³³ “Ibid.

³⁴ “Grandes questões sociais fazem parte do Encontro de Pastorais, Organismos e Regionais da CNBB,” Conferência Nacional dos Bispos do Brasil (CNBB), binuksan noong ika-15 ng Hunyo, 2010, <http://www.cnbb.org.br/site/comissoes-episcopais/caridade-justica-e-paz/3781-grandes-questoes-sociais-fazem-parte-do-encontro-de-pastorais-organismos-e-regionais-da-cnbb->.

³⁵ Priscilla Mazonetti, “Supreme Decision Means Losers Are Now Winners in Brazilian Congress,” Brazzil.com, ika-27 ng Marso, 2011, <http://www.brazzil.com/component/content/article/230-march-2011/10470-supreme-decision-means-losers-are-now-winners-in-brazilian-congress-.html>.

³⁶ Sarah de Sainte Croix, “Brazil Anti-Corruption Act Upheld,” *The Rio Times*, ika-17 ng Pebrero, 2012, <http://riotimesonline.com/brazil-news/rio-politics/ficha-limpa-anti-corruption-act-upheld-brazil/>.

³⁷ Lucy Jordan, “*Ficha Limpa* Bans 317 Candidates in 2012,” *The Rio Times*, ika-11 ng Setyembre, 2012, Nakuha mula sa <http://riotimesonline.com/brazil-news/front-page/ficha-limpa-bans-317-candidates-in-2012/>.

³⁸ Débora Bressan Mühlbeier, Ibid.

³⁹ “Vamos Aprovar o Ficha Limpa Estadual!,” Meu Rio, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013, http://www.meurio.org.br/na_atividade/5/assine_embaixo/vamos-aprovar-ficha-limpa.

⁴⁰ Matatagpuan ang impormasyon sa www.reformapolitica.org.br.

⁴¹ Carlos Pereira at Matthew Taylor, “Clean Slate Law: Raising Accountability in Brazil,” The Brookings Institution, ika-22 ng Disyembre, 2010, http://www.brookings.edu/opinions/2010/1222_brazil_corruption_pereira.aspx.

⁴² Mazonetti, Ibid.

⁴³ Website ng *Ficha Limpa*: <http://www.fichalimpa.org.br>.

Website ng *Movimento Voto Consciente*: <http://www.votoconsciente.org.br/site/>.

⁴⁴ Blog; Nick Burcher, “Facebook usage statistics 1st April 2011 vs April 2010 vs April 2009,”

blog entry ni Nick Burcher, ika-5 ng Abril, 2011,

<http://www.nickburcher.com/2011/04/facebook-usage-statistics-1st-april.html>.

⁴⁵ “The Netherlands Ranks #1 Worldwide in Penetration for Twitter and LinkedIn,” Press

Release, Comscore, ika-26 ng Abril, 2011,

http://www.comscore.com/Press_Events/Press_Releases/2011/4/The_Netherlands_Ranks_number_one_Worldwide_in_Penetration_for_Twitter_and_LinkedIn.

⁴⁶ “About Us: Our Community,” Avaaz.org, ika-1 ng Nobyembre, 2011,

<http://www.avaaz.org/en/community.php>.

⁴⁷ Jose Domingo Guariglia, “When People Are Mad, They Start to React to Corruption,” Inter

Press Service, ika-20 ng Agosto, 2011, <http://ipsnews.net/print.asp?idnews=104929>.

⁴⁸ Débora Bressan Mühlbeier, *Ibid*.

⁴⁹ “Vamos Aprovar o Ficha Limpa Estadual!,” *Meu Rio*, binuksan noong ika-7 ng Marso, 2013,

http://www.meurio.org.br/na_atividade/5/assine_embaixo/vamos-aprovar-ficha-limpa.

⁵⁰ “Brazilians rally against corruption,” BBC News, ika-7 ng Setyembre, 2011,

<http://www.bbc.co.uk/news/world-latin-america-14830679>.

⁵¹ “Hundreds of brooms in Rio’s beaches to protest Brazilian rampant corruption,” *Merco Press*,

ika-20 ng Setyembre, 2011, <http://en.mercopress.com/2011/09/20/hundreds-of-brooms-in-rio-s-beaches-to-protest-brazilian-rampant-corruption>.

⁵² “Brazil protesters disrupt Rio military parade,” *Al Jazeera*, ika-7 ng Setyembre, 2013,

<http://america.aljazeera.com/articles/2013/9/7/brazil-protestersdisruptriomilitaryparade.html>

⁵³ “Brazil says NO to Corruption, YES to 21st Century Democracy!”, Avaaz, binuksan noong ika-4 ng Nobyembre, 2013, <http://www.avaaz.org/en/highlights.php>.

⁵⁴ Americas Blog; “Brazil’s groundbreaking step to halt corruption,” blog entry ni Gabriel Elizondo, Al Jazeera, ika-6 ng Setyembre, 2010, <http://blogs.aljazeera.net/americas/2010/09/06/brazils-groundbreaking-step-halt-corruption>.

⁵⁵ Débora Zempier, “Brazil’s New Anti-Corruption Law Scares Politicians and Jurists,” *Brazzil Magazine*, Ika-5 ng Hulyo, 2010, <http://brazzil.com/articles/222-july-2010/10404-brazils-new-anti-corruption-law-scares-politicians-and-jurists.html>.

⁵⁶ Ibid.

⁵⁷ “Spain: Kick corrupt politicians out!” Avaaz.org, n.d., binuksan noong ika-7 ng Marso, 2013, http://www.avaaz.org/en/spain_clean_up_politics/.

⁵⁸ Highlights, Avaaz.org, binuksan noong ika-7 ng Marso, 2013, <http://www.avaaz.org/en/highlights.php>.

⁵⁹ Kinalauna’y natalo si Weslian Roriz.

⁶⁰ “The Avaaz Way: How We Work,” About Us, Avaaz.org, binuksan noong ika-9 ng Hunyo, 2011, <http://www.avaaz.org/en/about.php>.

⁶¹ Ibid.

⁶² Sign to End Corruption e-petition. Ibid.

⁶³ “Success stories from the Avaaz movement worldwide,” Avaaz.org, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013, <http://www.avaaz.org/en/highlights--corruption.php>

⁶⁴ Kabilang sa mga kilalang utak sa mga debateng ito ang mga manunulat na sina Malcolm Gladwell at Evgeny Morozov; at ang propesor sa New York University na si Clay Shirkey.

Nagbibigay naman ng alternatibo at mas malalim na pagsusuri ang aktibista at mananaliksik na si

Mary Joyce ukol sa elektronikong espasyo at ang aplikasyon ng mga ICT sa panlipunang pagtangi. Para sa mga sanggunian, tingnan ang:

Malcolm Gladwell, "Small Change: Why the revolution will not be tweeted," *The New Yorker*, Ika-4 ng Oktubre, 2010,

http://www.newyorker.com/reporting/2010/10/04/101004fa_fact_gladwell.

Malcolm Gladwell at Clay Shirkey, "From Innovation to Revolution: Do Social Media Make Protests Possible?," *Foreign Affairs*, Marso/Abril 2011.

⁶⁵ Lee Smithey, "Social Movement Strategy, Tactics and Collective Identity," *Sociology Compass*, 3/4, 2009, 658-671.

⁶⁶ Paola Goes, "Brazil: Blogosphere in support of anti-corruption bill," *Global Voices*, Ika-7 ng Abril, 2010, <http://globalvoicesonline.org/2010/04/07/brazil-blogosphere-in-support-of-anti-corruption-bill/>.

⁶⁷ "Success stories from the Avaaz movement worldwide," *Ibid*.